

Pagtatalakay

Dekreto ng Presidente ng Republika kung saan nakasaad ang “Regulasyon na nagdidisiplina ng kasunduan para sa integrasyon ng migrante at ng Bansa”, ang batas artikulo 4-bis, comma 2, ng testo unico para sa disposisyon na nagdidisiplina sa migrasyon at batas ukol sa kondisyon ng migrante, ayon sa dekreto legislatibo 25 luglio 1998, n. 286

Kawan para sa Kalayaan Sibil at Migrasyon

www.libertaciviliimmigrazione.interno.it

Department of Internal Affairs

www.interno.it

<http://accordointegrazione.dlci.interno.it>



KASUNDUAN

Para sa
Integrasyon



➤ Ano ang Kasunduan para sa Integrasyon

Ang kasunduan ay isang instrumento para mapadali ang integrasyon ng migrante.

Sa paglagda ng kasunduan sisikapin ng migrante na makamit ang pakay ng integrasyon sa loob ng validity ng permit of stay:

- Magkaroon ng sapat na antas ng kaalaman sa wikang italyano;
- Magkaroon ng sapat na kaalaman sa kultura sibika;
- Garantiyahan ang pagpatupad sa obligadong edukasyon para sa anak na may menor de edad.

Ang Bansa ay magsusumikap na tulungan ang migrante sa proseso ng integrasyon.

➤ Sinu-sino ang kailangan lumagda

Ang migrante na:

- Kapapasok pa lamang sa teritoryo ng bansa;
- Nag-aapply ng renewal ng permit of stay na may tagal na hindi mababa sa isang taon;
- Ma edad na higit sa 16 taon. Para sa mga menor de edad mula 16 hanggang 18 taon gulang ang kasunduan ay lalagdaan ng magulang o ng guardian.

➤ Sinu-sino ang hindi kailangan lumagda sa Kasunduan

Ang mga migrante na:

- May sakit o disable na walang kakayahan na makapag-tuto ng wika at kultura;
- Menor de edad na ulila;
- Biktima ng karahasan o mabigat na abuso;
- Menor de edad na may edad na mababa sa 16 taon

➤ Saan dapat lagdaan

Ang kasunduan ay kailangan lagdaan sa Prepektyur – sa Sportello unico para sa migrasyon, ng mga migrante na pumasok sa Italya dahil sa trabaho o sa family reunification, o di kaya ay sa Questura kung ang dahilan ng pagpasok sa bansa ay iba.

➤ Ano ang mangyayari matapos ang paglagda

Matapos ang paglagda ay magkakaroon ng 16 kredito.

Sa loob ng anim na buwan ay iimitahan ang migrante na dumalo sa isang sesyon ng pormasyon sibika at impormasyon tungkol sa buhay sa Italya.

Ang hindi pagdala ay makakabawas ng 15 kredito.

➤ Pagpapatigil o paghingi ng palugit sa kasunduan

Ang kasunduan ay maaaring masuspendido o mapalugitan kung hihilingin ng migrante, kung may sapat na dokumentasyon na batay sa:

- Malubhang karamdaman
- Malubhang motibo ng pamilya
- Motibo ng trabaho
- Pag-attend sa isang kurso ng pormasyon
- Pag-attend sa Practicum ng pormasyon
- Pag-attend para sa pag-update o orientation ng propesyon
- Pag-aaral sa ibang bansa

➤ Beripikasyon ng Kasunduan

Isang buwan bago matapos ang kasunduan, ang Sportello Unico ay magsasagawa ng beripikasyon para makita ang antas ng integrasyon ng migrante, kailangan magsumite ng mga dokumentasyon ang migrante upang magkaroon ng kredito. Sa mga migrante na nakatira sa Bolzano ay kikilalanin din ang kredito sa pagsusulit sa wikang alemanya. Kung walang sapat na dokumentasyon, maaaring hilingin ng migrante na mag-test na lamang upang maipakita ang antas ng kaalaman sa wikang italyano, sa kultura sibika at buhay sibil sa Italya na hinihiling ng kasunduan.

Ang resulta ng beripikasyon ay ang mga sumnusunod:

- **PAGTATAPOS NG KASUNDUAN:** kung ang migrante ay magkakaroon ng sapat na antas ng integrasyon (**30 bilang ng kredito o higit pa**) ;
- **PALUGIT SA KASUNDUAN NG ISANG TAON:** kung ang migrante ay hindi nagkaroon ng sapat na kredito upang matapos ang kasunduan (**kredito mula 1 hanggang 29**);
- **PAGLUTAS SA KASUNDUAN:** kung ang migrante ay hindi nagkaroon ng sapat na antas ng integrasyon; kukumpiskahin ang kanyang permit of stay at papatalsikin sa teritoryo nasyonal (**kung ang kredito ay 0 o mas mababa pa**)

➤ Makikita online ang lagay ng kasunduan

Makikita ng migrante via internet, sa website <http://accordointegrazione.dlci.interno.it>, sa loob ng validity ng kasunduan ang:

- Ang bilang ng kredito; ang araw ng pagsusulit.
- Matapos ang paglagda ay bibiyan ang migrante ng alituntunin kung paano maka-access online.